# 2022 Pangkalahatang Halalan

# Pamplet ng mga Botante ng Estado sa Wikang Tagalog

OREGON SOS

Minamahal na Botante ng Oregon,

Napansin ba ninyo kung gaano kasarap ang pakiramdam ng pagboto sa Oregon?

Kapag tinitingnan ko ang buong bansa, nakikita ko ang mga ulat ng mga taong naghihintay sa pila nang ilang oras para lamang bumoto, mga opisyal ng halalan na naghahablahan dahil lang sa proseso ng pagboto, at mga pulitiko na gumagawa ng mga bagong hadlang upang pigilan ang pagboto ng mga karapat-dapat na botante.

Sa Oregon, hindi natin nakikita ang mga problemang ito. Hindi kasing-dami tulad ng sa ibang lugar maski papaano. Ang pagkakaiba ay bahagi ng pagkakakilanlan ng ating estado ang demokrasya. Sa tabi ng Crater Lake, sa ating magandang mga baybayin, sa ating malakas na ugnayan sa mga tribo, sa ating makapigil-hiningang kabundukan, at sa Pendleton Round-Up — ang pagboto ay bahagi ng kung sino tayo. Kabilang tayo sa mga unang estado na lumikha ng proseso ng inisyatiba ng mga mamamayan at pinalawak ang karapatang bumoto sa mga kababaihan. Pinamunuan natin ang bansa sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pagboto sa pamamagitan ng koreo (vote-by-mail) at awtomatikong pagpapარehistro ng botante. At palagi tayong mayroong ilan sa pinakamataas na voter turnout sa bansa. Bumoboto ang mga taga-Oregon!

Ang ating maka-demokrasyang pagkakakilanlan ay dapat na ipaglaban upang mapanatili ang mga ito. Ngunit para magawa ito, kailangang magtiwala ang mga botante sa mga administrator ng halalan at sa proseso. Kaya't ginagawa ko ang lahat sa aking makakaya upang mapaabot sa mga botante ang mapagkakatiwalaang impormasyon mula sa mga opisyal na mapagkukunan at labanan ang mga maling impormasyon kapag kumakalat online.

**Palaging gumamit ng mga opisyal na mapagkukunan ng mapagkakatiwalaang impormasyon. Oregonvotes.gov| Facebook.com/OregonElections | Twitter.com/OregonElections**

<u>Narito ang kailangan ninyong malaman tungkol sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 8.</u>

- Magrehistro upang makaboto bago ang Oktubre 18. Magrehistro online o tingnan ang inyong impormasyon sa pagpapaparehistro sa Oregonvotes.gov. Ang mga balota ay ipapadala sa koreo simula sa Oktubre 19. Ang Araw ng Halalan ay Nobyembre 8, 2022.

- **Bagong batas! Ang mga balotang namarkahan ng koreo pagdating ng Araw ng Halalan ay nasa oras.** Noong 2021, nagpasa ang Lehislatura ng isang bagong batas upang payagan ang mga balotang namarkahan ng koreo pagdating ng alas-otso ng gabi ng Araw ng Halalan na ituring na nasa oras. Tinitiyak ng pagpapahusay na ito na mabibilang ang bawat botong isinumite pagdating ng alas-8 ng gabi sa Araw ng Halalan. Maaari din nitong maantala ang mga resulta ng mga malapitang bilang sa halalan dahil aabutin nang ilang araw para mabilang ang lahat ng nasa oras na boto. Ngunit tandaan, kahit na


ang mga balota ay dumating sa pamamagitan ng koreo sa opisina ng klerk ng inyong county pagkatapos ng Araw ng Halalan, ang mga balotang naihulog pagsapit ng alas-8 ng gabi sa Araw ng Halalan **ang mga masasama sa bilangan.**

- May mga proteksyon laban sa pandaraya ang ating sistema ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Bilang resulta, ang pandaraya ng botante ay napakabihira. Nagsisimula ang Oregon sa mga tumpak na listahan ng pagpaparehistro ng botante na regular na ina-update at nililinis mula sa hindi napapanahong impormasyon. Pagkatapos, nagbibigay kami ng moderno at maginhawang paraan para bumoto sa papel: Hindi mo maaaring i-hack ang papel! Kapag ibinalik ang iyong balota, ang bawat pirma ay inihahambing sa lagda sa database ng pagpaparehistro ng botante upang kumpirmahin na ang nakarehistrong botante ang pumirma sa sobre ng balota. Matapos mabilang ang lahat ng boto, ang mga resulta ay sumasailalim sa pag-audit upang mapatunayan na ang mga ito ay tumpak. Alamin ang higit pa sa Oregonvotes.gov/integrity.

Ang mga halalan sa Oregon ay ang gintong pamantayan sa seguridad, pagiging accessible at transparent. Ngunit ang maling impormasyon ay isang tunay na banta sa ating demokrasya. Hinihikayat namin kayong palaging suriin ang impormasyon sa mga mapagkakatiwalaang mapagkukunan. Magsimula sa Oregonvotes.gov, ang inyong opisyal na mapagkukunan ng impormasyon ng halalan sa Oregon.

Bukod pa rito, makakahanap kayo ng mapagkakatiwalaang impormasyon sa opisina ng halalan ng inyong county. Bisitahin ang Oregonvotes.gov/counties upang makahanap ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa lahat ng 36 na opisina ng halalan ng county ng Oregon.

Taos-puso,



Shemia Fagan
Kalihim ng Estado ng Oregon

## Para sa mga Tanong tungkol sa:

- ➔ Pagpaparehistro para Makaboto
- ➔ Pag-update ng iyong rehistro bilang botante:
- ➔ Halalan at pagboto
- ➔ Pagkumpleto ng iyong balota
- ➔ Pagbabalik ng iyong balota
- ➔ Mga balota ng absentee na botante
- ➔ Mga pamalit na balota
- ➔ Mga kinakailangan na pirma

Makipag-ugnayan sa iyong Opisina ng Halalan ng County.

## Mga Petsa na Dapat Tandaan

**Martes, ika-18 ng Oktubre**
Huling araw para magparehistro upang makaboto sa halalan na ito.

**Miyerkules, ika-19 ng Oktubre**
Unang araw para sa mga county na magpadala ng mga balota.

**Martes, ika-8 ng Nobyembre**
Araw ng Halalan
Huling araw para ibalik ang iyong balota.

Kung ipapadala mo sa koreo ang iyong balota, dapat itong mamarkahan ng koreo nang hindi lalampas sa 8 pm sa araw ng halalan.

O ibalik ang iyong balota sa isang opisyal na drop box nang hindi lalampas sa 8 pm sa araw ng halalan.

**oregonvotes.gov/myvote**
Gamitin ang online na tool na ito upang suriin o i-update ang iyong katayuan sa pagpaparehistro at subaybayan ang iyong balota.

## Mga Pagbabawal sa Pagboto

**Labag sa batas ang:**

- ➔ pirmahan ang sobre para sa pagbabalik ng balota ng ibang tao para sa kanila
- ➔ bumoto ng higit sa isang beses sa isang halalan o magsumite ng peke o dinayang balota
- ➔ magsumite ng balota kung hindi ka legal na kwalipikadong gawin ito
- ➔ pamimilit, panggigipit o kung hindi man ay labis na impluwensyahan ang ibang botante
- ➔ magbenta, mag-alok na magbenta, bumili, o mag-alok na bumili ng balota ng ibang botante
- ➔ hadlangan ang pasukan ng isang gusali kung saan matatagpuan ang booth ng pagboto o opisyal na lugar ng paghuhulog ng balota
- ➔ sirain ang anyo, alisin, baguhin, o wasakin ang balota ng ibang botante, isang nakapaskil na abiso tungkol sa halalan, o mga kagamitan o suplay para sa halalan
- ➔ subukang mangolekta ng mga napagbotohang balota sa loob ng 100 talampakan mula sa isang opisyal na lugar ng hulugan ng balota
- ➔ magtatag ng isang drop site nang hindi nagpapakita ng sign na nagsasabing “Not An Official Ballot Drop site (Hindi Opisyal na Hulugan ng Balota)”

*Anumang mga paglabag sa mga tinukoy na batas sa halalan ay napapailalim sa sibil at/o kriminal na mga parusa.*

Para sa higit na impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon o kung sa tingin mo nalabag ang iyong mga karapatan bilang isang botante

**oregonvotes.gov**

**1 866 673 8683**
se habla español

**1 800 735 2900**
para sa mga may kapansanan sa pandinig

## Tingnan ang hindi opisyal na mga resulta ng halalan

simula 8 pm ng ika-8 ng Nobyembre

Ia-update ang mga hindi opisyal na resulta sa gabi ng halalan at mga susunod na araw. Ang mga panghuling sertipikadong resulta ay lalabas sa ika-15 ng Disyembre.

**results.oregonvotes.gov**

Alamin ang Iyong mga Karapatan

# Kaligtasan ng mga Drop Site (Lugar ng Hulugan ng Balota)

## Kabilang sa iyong mga karapatan bilang Botante ng Oregon ang:

→ karapatan na **ma-access ang mga opisyal na ballot box at opisina ng halalan** nang walang hadlang

→ karapatan na **panatilihing pribado ang iyong boto**

→ **karapatang bumoto nang walang pananakot o pagbabanta**

Maaaring kabilang sa **Pananakot sa Botante** ang:

→ **Mga tanong na agresibo o nakakapanligalig** tungkol sa kung kwalipikado kang bumoto na naglalayong humadlang sa iyong karapatang bumoto, takutin ka na bumoto sa isang partikular na paraan o takutin ka dahil sa pagboto, tulad ng mga tanong tungkol sa iyong katayuan sa pagkamamamamayan, kriminal na rekord, paninirahan, iba pang personal na impormasyon, o mga tanong kung paano mo nilalayong bumoto.

→ **Mga di totoo o nakakapanlinlang na pahayag o pag-aakusa** tungkol sa pandaraya ng botante o nauugnay na mga parusang kriminal, na naglalayong takutin ka para hindi bumoto.

→ **Mga berbal o pisikal na pagbabanta** – maliwanag o ipinahiwatig – na naglalayong pigilan ka sa pagboto o pilitin kang bumoto sa isang partikular na kandidato o panukalang-batas.

→ **Sinasadyang pagharang o paghadlang** sa iyong kakayahang bumoto.

→ **Naka-target na pagmamatyag** ng mga partikular na botante o grupo ng mga botante, tulad ng pagsunod o pagsubaybay sa mga botante, pagkopya ng mga plaka ng lisensya, pagkuha ng video o litrato, atbp., na naglalayong himukin silang huwag bumoto o hadlangan sila sa pagboto.

Para sa tumpak na impormasyon tungkol sa pagboto, o para mag-report ng pananakot ng botante

Telepono:  1 866-673-8683
se habla español

TTY 1 800 735-2900
para sa mga may kapansanan sa pandinig

# Mga Madalas na Itanong

**Saan ako boboto?**
Sa Oregon, bumoboto tayo sa pamamagitan ng koreo. Walang mga lugar ng botohan. Sa halip, maaari kang bumoto kahit saan na mapili mo.

Kung nakarehistro ka upang makaboto pagsapit ng **Oktubre 18**, ang iyong balota ay ipapadala sa koreo sa pagitan ng **Oktubre 19** at **Oktubre 25**. Ipapadala ito ng opisina ng halalan ng iyong county sa address sa iyong record ng pagpapaparehistro bilang botante.

Kung hindi mo matanggap ang iyong balota pagdating ng Oktubre 28, tawagan ang opisina ng halalan ng iyong county.

**Paano kung lumipat na ako ng tirahan?**
Ang mga balota ay hindi maifo-forward. Upang matanggap ang iyong balota, i-update ang iyong impormasyon sa pagpapaparehistro ng botante sa**oregonvotes.gov/myvote**.
K
ung ang araw ng halalan ay sa loob ng wala pang 5 araw, tawagan ang opisina ng halalan ng iyong county para sa mga tagubilin kung paano kunin ang iyong balota.

**Paano ko makukuha nang maaga ang aking balota?**
Kung malayo ka mula sa iyong bahay sa araw ng halalan, i-update ang impormasyon mo sa rehistrasyon bilang botante sa **oregonvotes.gov/myvote**.

Upang humiling ng balota ng absentee na botante, ilagay ang iyong mailing address bilang absentee na botante at kung gaano ka katagal maglalagi sa address na iyan.

**Papaano kung kinain ng aso ang aking balota?**
Kung nawala, nawasak, o nasira ang iyong balota sa paraang pipigil sa iyong makaboto, tawagan ang opisina ng halalan ng iyong county at humingi ng kapalit na balota.

**Kailangan ko bang bumoto sa lahat ng bagay?**
Ang iyong balota ay mabibilang pa rin, kahit na hindi ka bumoto para sa bawat posisyon o batas dito.

**Maaari ko bang baguhin kung paano ako bumoto?**
Kung naipadala mo na sa koreo o naihulog na ang iyong balota, ang iyong boto ay hindi na maaaring mabago. Kung nasa iyo pa rin ang iyong balota, sundin ang mga tagubiling ipinadala kasama ng iyong balota.

**Paano ko ibabalik ang aking balota?**
Maaari mong ibalik ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo, hindi na kailangan ng selyo. Kung ipapadala sa koreo, ang iyong balota ay dapat na naka-postmark sa o bago ng **8pm** sa **Nobyembre 8**.

O ibalik ang iyong balota sa alinmang opisina ng halalan ng county o opisyal na drop box. Mahahanap mo ang pinakamalapit na drop box, kasama ang isang mapa kung paano makarating doon, sa **oregonvotes.gov/dropbox** o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa opisina ng halalan ng iyong county.

Ang mga opisina ng halalan ng county ay bukas sa araw ng halalan mula 7 am hanggang 8 pm.

**Kinakailangan ba ang secrecy sleeve?**
Kung nakatanggap ka ng isang secrecy sleeve, hindi mo kailangang gamitin ito maliban kung gusto mo.

Kung hindi ka nakatanggap ng secrecy sleeve, ang iyong county ay isa sa marami na nagsama ng mga karagdagang tampok na panseguridad sa sobre para sa pagbabalik ng balota.

**Kailangan ko bang lagdaan ang aking sobre para sa pagbabalik ng balota (ballot return envelope)?**
Para mabilang ang boto mo, oo. Ang iyong lagda ay isang hakbang panseguridad na ginagamit upang beripikahin ang iyong pagkakakilanlan. Ikaw lamang ang maaaring pumirma sa iyong sobre para sa pagbabalik ng balota. Ang mga dokumentong Power of Attorney ay hindi naaangkop sa pagboto.

Kung hindi mo kayang ipirma ang iyong pangalan, makipag-ugnayan sa opisina ng halalan ng iyong county para sa karagdagang impormasyon.

Ang iyong balota ay binibilang lamang kung ang pirma sa sobre para sa pagbabalik ng balota ay tumugma sa mga pirma sa iyong record ng pagpaparehistro bilang botante.

Kung hindi tumugma ang iyong pirma o nakalimutan mong pirmahan ang sobre, aabisuhan ka ng county. Magkakaroon ka ng hanggang 21 araw pagkatapos ng halalan upang patunayan na ikaw ang pumirma sa sobre.

**Kung ang pangalan ko ay nasa sobre para sa pagbabalik ng balota, sikreto ba talaga ang aking boto?**
Oo. Pagkatapos ng pagberipika ng pirma, ang iyong balota ay ihihiwalay sa sobre para sa pagbabalik ng balota bago ito buksan at suriin.

**Nabilang ba ang aking balota?**
Bilang isang rehistradong botante, maaari mong subaybayan ang katayuan ng iyong balota sa **oregonvotes.gov/myvote**.

**Kailan malalaman ang resulta ng eleksyon?**
Ang mga paunang resulta ay inilalabas simula **8 pm ng Nobyembre 8** at patuloy na ia-update sa buong gabi ng halalan at sa mga susunod na araw.

Sa pagitan ng gabi ng halalan at ng petsa kung kailan nasertipika ang mga resulta ng halalan, magbabago ang mga iniulat na hindi opisyal na mga resulta sa **results.oregonvotes.gov**. Ang

pagbabagong ito ay kumakatawan sa mga balota na namarkahan ng koreo pagsapit ng 8 pm sa gabi ng halalan, na tinanggap at binilang.

Ang pangwakas na nagwagi o resulta ng isang malapit na paligsahan ay maaaring hindi malaman hangga't hindi nasertipika ang halalan at ang opisyal na abstract ng mga boto ay nailathala. Ang mga panghuling sertipikadong resulta ay lalabas 37 araw pagkatapos ng halalan.

**Kailangan ko ba ng pansamantalang balota?**
Kung hindi matukoy ang iyong pagiging karapat-dapat na bumoto, bibigyan ka ng isang pansamantalang balota.

Upang makakuha ng isang pansamantalang balota, pumunta sa opisina ng halalan ng county nang personal at punan ang isang Form ng Paghiling sa Pansamantalang Balota.

Ang iyong pansamantalang balota ay mabibilang lamang kung ikaw ay natukoy bilang karapat-dapat na bumoto.

**Paano ako magsasampa ng reklamo?**
Kung naniniwala kang nalabag ang batas sa halalan ng Oregon, at isa kang nakarehistrong botante sa Oregon, maaari mong hilingin sa Elections Division na magsiyasat. Hindi iimbestigahan ang mga hiling na hindi pinangalanan kung sino ang humiling.

Maaari kang makahanap ng higit na impormasyon at magsumite ng reklamo para sa pag-iimbestiga ng Elections Division sa **oregonvotes.gov** sa ilalim ng seksyon na “makibahagi (get involved)”.

# Seguridad sa Halalan

### Paniniguro sa Katiyakan ng Iyong Boto

Ang mga halalan sa Oregon ay ligtas. May mga detalyadong proseso at pamamaraan na patuloy na sinusuri upang matukoy ang mga pagpapabuti at makabuo ng mga contingency plan, na tinitiyak na ligtas ang ating mga system at ang ating mga boto.

Maaaring mas pamilyar ka sa ilang hakbang sa seguridad kaysa sa iba. Halimbawa, ang lagda sa iyong sobre para sa pagbabalik ng balota ay inihahambing sa mga lagda sa iyong talaan ng rehistro bilang botante at ang iyong balota ay isinasama lamang sa bilang kung ang mga lagda ay tumutugma. Ang isa pang tampok sa seguridad ay ang lahat ng halalan sa Oregon ay dapat isagawa gamit ang isang balotang papel.

Kasama sa iba pang mga tampok sa seguridad na maaaring hindi ka kasing-pamilyar:

- ➔ Ang bawat opisina ng halalan ng county ay naghahain ng planong panseguridad sa Kalihim ng Estado bawat taon na nagdedetalye ng mga kasangkapan at prosesong ginagamit nila upang matiyak ang mga halalan sa kanilang county.
- ➔ Bawat araw, isang kopya ng database ng rehistro ng mga botante ay bina-back up at sini-save upang matiyak na may naiingatang tumpak na impormasyon kung sakaling makakuha ng access ang isang taong may masamang balak.
- ➔ Ang lahat ng sistema ng pagboto (mga machine at program) na ginagamit sa pagbilang ng mga balota sa Oregon ay nasertipika ng isang pederal na kinikilalang laboratoryo sa pagsubok ng sistema ng pagboto at higit pang sinuri upang matiyak na ligtas ang sistema bago aprubahan ng Kalihim ng Estado ang paggamit nito.
- ➔ Nagsagawa ang Department of Homeland Security ng onsite na pagtatasa ng mga physical at cyber threat sa bawat isa sa 36 na opisina ng halalan ng county ng Oregon.
- ➔ Ang lahat ng balota ay binibilang sa mga ligtas na silid sa bawat isa sa 36 na opisina ng halalan ng county ng Oregon. Nakalagay ang mga security camera upang mag-record nang 24 na oras sa isang araw. Walang mga sistema ng pagboto na nakakonekta sa internet.
- ➔ Kinikilala ng Oregon TIGER (Threat Information Gathering and Election Resources) Team ang mga banta at kahinaan sa sistema ng halalan ng Oregon at inilalapat ang mga mapagkukunan ng pederal, estado, at lokal na pamahalaan upang mapababa ang mga banta at kahinaan na iyon. Ang mga miyembro ng TIGER Team ay binubuo ng Oregon Elections Division, US Cybersecurity and Infrastructure Security Agency, Oregon Emergency Management, Oregon Chief Information Officer- Cyber Security Services, Oregon National Guard, Oregon Titan Fusion Center, US Postal Service Inspector General's Office at FBI.
- ➔ Bago bilangin ang alinman sa mga balota, sinusuri ng mga county ang mga sistema ng pagboto para sa lohika at katumpakan. Ang pagsubok na ito ay nangangailangan ng pagmamarka ng mga pansubok na balota at pagpasok ng mga ito sa mga vote counting machine upang matiyak na ang mga resultang inilalabas ng mga voting machine ay

tumutugma sa kung paano minarkahan ang mga pansubok na balota. Sinusunod ang parehong prosesong ito pagkatapos ng halalan upang kumpirmahin na walang nagbago sa programming.

Kinumpirma ng US Department of Homeland Security at ng FBI na walang na-hack na vote tally system sa Oregon, o saanman sa US. Maaari kang magkaroon ng kumpiyansa na ang iyong balota ay mabibilang kung paano mo ito minarkahan at na hindi mapakikialaman o madodoktor ang balota sa anumang hakbang sa proseso ng halalan. Ang pagboto sa Oregon ay hindi kailanman naging mas ligtas o mas sigurado kaysa sa ngayon.

# Mga Botante na may Kapansanan

Para sa mas detalyadong impormasyon sa naa-access na pagboto, makipag-ugnayan sa iyong county elections office.

### Ano ang iba't ibang paraan para makaboto ako?

- **Balotang HTML**
  Markahan mo ang balotang ito gamit ang anumang computer na may assistive technology, i-print at ibalik ito. Maaari mo ring gamitin ang mga naa-access na tablet o computer station na matatagpuan sa bawat opisina ng halalan ng county.
- **Balotang malalaki ang print**
- **Humingi ng tulong**

### Sino ang makakatulong sa akin na bumoto sa pamamagitan ng aking balota?

- **Kahit sino maliban sa iyong tagapag-empleyo o unyon**
  Maaari kang humingi ng tulong mula sa isang kaibigan, miyembro ng pamilya o iba pang pinagkakatiwalaang tao. Sa ilalim ng batas ng Oregon, hindi ka maaaring tumanggap ng tulong mula sa iyong tagapag-empleyo o unyon.
- **Team ng County na Tumutulong sa Pagboto**
  Hindi mo kailangang humingi ng tulong mula sa isang taong kilala mo. May mga Team ng County na Tumutulong sa Pagboto upang tulungan kang bumoto sa pamamagitan ng iyong balota nang pribado at independiyente.

### Paano kung hindi ko mapipirmahan ang aking sobre para sa pagbabalik ng balota?

- **Maaari kang gumamit ng isang signature stamp o iba pang tagapagpahiwatig bilang pirma mo**
  Dapat kang kumumpleto ng form ng pagpapatotoo ng signature stamp kasama ng voter registration card bago gamitin ang stamp o mark para pirmahan ang sobre ng iyong balota.

### Anong ibang maa-access na mapagkukunan ang available?

- **Polyeto ng Botante sa Buong Estado**
  Available sa digital audio o maa-access na text sa **oregonvotes.gov**.
- **Gabay sa Madaling Pagboto**
  Available nang naka-print o naa-access na HTML sa **easyvotingguide.org**.

# May karapatan kang bumoto!

Kung ikaw ay isang mamamayan ng Estados Unidos, nakatira sa Oregon, 18 taong gulang at nakarehistro upang bumoto.

- ➔ ***May karapatan kang*** bumoto kahit na wala kang tirahan.
- ➔ ***May karapatan kang*** bumoto kung nahatulan ka ng isang mabigat na krimen ngunit nakalaya mula sa kustodiya, kahit na ikaw ay naka-probation o parole.
- ➔ ***May karapatan kang*** bumoto kahit na mayroon kang tagapag-alaga at kahit na kailangan mo ng tulong sa pagbabasa o pagsasagot ng iyong balota.
- ➔ ***May karapatan kang*** bumoto o magsumite ng boto kung ikaw ay nakapila pagsapit ng 8 pm sa Araw ng Halalan.
- ➔ ***May karapatan kang*** malaman kung nakarehistro ka para bumoto.
- ➔ ***May karapatan kang*** pumili kung gusto mong magparehistro bilang miyembro ng isang partidong pampulitika.
- ➔ ***May karapatan kang*** gumamit ng signature stamp o iba pang marka ngunit kailangan mo munang punan ang isang form. Walang maaaring pumirma para sa iyo.
- ➔ ***May karapatan kang*** humingi ng tulong mula sa mga kawani ng halalan o mula sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya. Mayroong ilang tao na hindi makakatulong sa iyo na bumoto, halimbawa, ang iyong boss o isang opisyal ng unyon mula sa iyong trabaho.
- ➔ ***May karapatan ka*** sa isang lihim na pagboto. Hindi mo kailangang sabihin kahit kanino kung paano ka bumoto.
- ➔ ***May karapatan kang*** makakuha ng “provisional ballot” (pansamantalang balota), kahit na sinabihan kang hindi ka nakarehistro para bumoto.
- ➔ ***May karapatan kang*** makakuha ng bagong balota kung nagkamali ka.
- ➔ ***May karapatan kang*** bumoto para sa taong gusto mo. Maaari mong isulat ang pangalan ng ibang tao kung hindi mo gusto ang mga pagpipilian sa iyong balota.
- ➔ ***May karapatan kang*** bumoto ng “oo” o “hindi” sa anumang isyu sa iyong balota.
- ➔ ***May karapatan kang*** iwanang blangko ang ilang pagpipilian sa iyong balota. Ang mga pagpipilian na iyong mamarkahan ay mabibilang pa rin.
- ➔ ***May karapatan kang*** gumamit ng sistema ng pagboto para sa lahat ng Pederal na Halalan na ginagawang pantay na posible para sa mga taong may kapansanan na bumoto nang pribado at independiyente.
- ➔ ***May karapatan kang*** malaman kung ang iyong balota, kabilang ang isang “provisional ballot” (pansamantalang balota), ay tinanggap para mabilang.
- ➔ ***May karapatan kang*** magsampa ng reklamo kung sa tingin mo ay tinanggihan ang iyong mga karapatan sa pagboto.

para sa karagdagang impormasyon
**1 866 673 8683**
se habla español

**TTY 1 800 735 2900**
para sa mga may kapansanan sa pandinig

*(Konstitusyon ng Oregon, Seksyon 2 at 3; ORS Chapters 137, 246, 247, at 254; Manwal sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (Vote By Mail Manual); Help America Vote Act of 2002; OAR 165-001-0090 at 165-007-0030)*

# Impormasyon ng Partido at Kandidato

## Mga Pahayag tungkol sa Partidong Pampulitika

Sa Pangkalahatang Halalan, ang isang pambuong estadong partidong pampulitika ay maaaring maghain ng pahayag na isasama sa pamplet ng mga botante na nagpapaliwanag kung bakit nais nitong magtagumpay ang mga prinsipyo nito at mahalal ang mga kandidato nito. O maaaring salungatin ng pahayag ang mga prinsipyo at kandidato ng ibang partido o organisasyong pampulitika. Kung nai-file, lilitaw ang mga pahayag ayon sa pagkakasunud-sunod ng alpabeto.

Ang sumusunod na partidong pampulitika ay hindi nagsumite ng pahayag para sa **Pangkalahatang Halalan sa 2022**:

- → Partidong Libertarian ng Oregon
- → Partido ng mga Nagtatrabahong Pamilya ng Oregon

## Mga Kandidato

Inaatas ng batas ng Oregon (ORS 254.155) sa Kalihim ng Estado na magkumpleto ng isang sapalarang pagkakasunod-sunod ng mga titik ng alpabeto upang matukoy ang pagkakasunod-sunod ng paglitaw ng pangalan ng mga kandidato sa balota.

Ang alpabeto para sa **Pangkalahatang Halalan ng 2022** ay:
Y, F, O, G, Z, C, M, V, R, K, S, P, Q, E, B, W, N, A, U, I, X, J, L, T, H, D

Ang mga pahayag ng kandidato na kasama sa pamplet ay nakahiwa-hiwalay ayon sa uri at posisyon ng opisina at higit pang isinaayos sa parehong sapalarang pagkakasunod-sunod ng mga pangalan ng mga kandidato kung paano ito nakalathala sa balota.

Ang mga pahayag ay isinaayos sa sumusunod na paraan:

- ➔ mga kandidatong may partido ayon sa posisyon sa pagkakasunod-sunod ng balota
- ➔ mga kandidatong walang partido ayon sa posisyon sa pagkakasunod-sunod ng balota

Ang mga kandidato ay nagbibigay ng bayad, o nagsusumite ng mga lagda bilang kapalit ng bayad, para sa espasyo sa pamplet para sa mga botante. Ang impormasyong iniaatas ng batas—na nauukol sa trabaho, background sa trabaho, background sa edukasyon at dating karanasan sa gobyerno—ay sinertipika na totoo ng bawat kandidato.

## Mga Panukalang-Batas

Ang mga panukalang-batas ay mga iminumungkahing pagbabago sa Konstitusyon ng Oregon o sa mga batas ng estado. Para sa panukalang-batas sa pamplet para sa mga botante na ito, makikita mo ang sumusunod na impormasyon:

1. ang pamagat ng balota;
2. ang pagtataya ng epekto sa pananalapi;
3. ang kumpletong text ng iminumungkahing panukala;
4. ang nagpapaliwanag na pahayag; at
5. mga argumentong inihain ng mga tagapagtaguyod at kalaban ng panukala.

### Pamagat ng Balota

Ang pamagat ng balota ay binalangkas ng opisina ng Attorney General at ipinamahagi sa mga interesadong partido para sa pampublikong komento. Pagkatapos suriin ang anumang komentong

isinumite, ang isang titulo ng balota ay sinesertipika ng opisina ng Attorney General. Ang sertipikadong titulo ng balota ay maaaring iapela at maaaring baguhin ng Korte Suprema ng Oregon.

### Pagtataya ng Epekto sa Pananalapi

Ang pagtataya ng epekto sa pananalapi para sa bawat panukalang-batas ay inihahanda ng isang komite ng mga opisyal ng estado kabilang ang Kalihim ng Estado, ang Ingat-yaman ng Estado, ang Direktor ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pang-administratibo, ang Direktor ng Kagawaran ng Kita at isang kinatawan ng lokal na pamahalaan na pinili ng mga miyembro ng komite. Pinagbabasehan ang impormasyong ibinigay ng mga ahensya ng estado at mga komentong ibinigay sa isang proseso ng pampublikong pagdinig, tinataya lamang ng komite ang direktang epekto sa estado at lokal na pamahalaan. Ipinapalagay ng pagtataya na ang panukalang-batas ay ipapatupad gaya ng nakasaad at nagpapahayag ng mga taunang gastos sa mga saklaw saanman ito makakalkula nang tumpak.

Sumasangguni rin ang komite sa Legislative Revenue Office upang matukoy kung ang panukalang-batas ay maaaring magkaroon ng epekto sa pangkalahatang ekonomiya ng estado, kung may naaangkop na pagsusuri. Ang karagdagang paliwanag ng pagtataya ay maaaring idagdag ng komite sa pangalawang pahayag kung sa tingin nila na ito ay kinakailangan. Tanging ang mga pamamaraan na ginamit ng komite, hindi ang nilalaman ng pahayag, ang maaaring kuwestiyonin sa Korte Suprema ng Oregon.

### Kumpletong Text ng Panukalang-Batas

Nagbibigay ito sa iyo ng mga aktwal na pagbabago na gagawin ng mga panukalang-batas sa Konstitusyon ng Oregon o sa mga batas ng estado.

### Nagpapaliwanag na Pahayag

Ang nagpapaliwanag na pahayag ay isang walang kinikilingang pahayag na nagpapaliwanag sa panukala. Ang mga nagpapaliwanag na pahayag ay isinulat ng isang komite na may limang miyembro, kabilang ang dalawang tagapagtaguyod ng panukala, dalawang kalaban ng panukala at isang ikalimang miyembro na hinirang ng unang apat na miyembro ng komite, o, kung hindi sila sumang-ayon sa ikalimang miyembro, na hinirang ng Kalihim ng Estado. Ang mga nagpapaliwanag na pahayag ay maaaring iapela at maaaring baguhin ng Korte Suprema ng Oregon.

### Mga Argumento ng Panukalang-Batas

Ang sinumang tao o organisasyon ay maaaring maghain ng mga argumento pabor sa, o salungat sa, isang panukalang-batas sa balota sa pamamagitan ng pagbili ng espasyo sa halagang $1,200 o sa pamamagitan ng pagsusumite ng petisyon na nilagdaan ng 500 botante. Ang mga argumentong pabor sa isang panukalang-batas ay ang unang makikita, na sinusundan ng mga argumento na sumasalungat sa panukala, at nakalimbag sa isang sapalarang pagkakasunod-sunod sa loob ng bawat kategorya.

## Pagtatatuwa (Disclaimer)

**Ang impormasyong ibinigay sa mga pahayag o argumento ng isang kandidato, isang partidong pampulitika, isang kapulungan ng mga botante, o isang taong sumusuporta o sumasalungat sa isang panukala ay hindi pa nabeberipika para sa katumpakan ng Estado ng Oregon.**

# Impormasyon sa Pagpaparehistro ng Botante

### Sino ang maaaring magparehistro para bumoto?

Upang magparehistro dapat kang:

- ➔ Isang mamamayan ng U.S.
- ➔ Isang residente ng Oregon
- ➔ Hindi bababa sa 16 na taong gulang

Kung wala ka pang 18 taong gulang, hindi ka makakatanggap ng balota hanggang sa magkaroon ng halalan sa o pagkatapos ng iyong ika-18 kaarawan.

### Paano ako magpaparehistro para makaboto?

Magparehistro para makaboto

- ➔ Online sa **oregonvotes.gov/register**
- ➔ Sa pamamagitan ng pagpapadala ng iyong nakumpletong registration card sa opisina ng halalan ng iyong county.
- ➔ Sa pamamagitan ng personal na pagkumpleto ng registration card sa alinmang opisina ng halalan ng county, sa Opisina ng Kalihim ng Estado, at ilang ahensya ng estado gaya ng DMV.

### Kailangan ko bang i-update ang aking rehistrasyon?

Dapat mong i-update ang iyong rehistrasyon kung lumipat ka ng tirahan, nagpalit ng iyong pangalan, pirma o mailing address, o gustong magpalit o pumili ng partidong pampulitika.

Maaari kang magbigay ng bagong impormasyon online sa **oregonvotes.gov/myvote** o sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagsasauli ng voter registration card sa opisina ng halalan ng iyong county.

### Kailangan ko bang magpakita ng I.D.?

Dapat mong ibigay ang iyong balidong Oregon Driver's License, Permit, o ID number.

Kung wala kang balidong Oregon ID, ibigay ang huling apat na numero ng iyong Social Security.

Kung wala kang balidong Oregon ID o Social Security number, makakahanap ka ng listahan ng katanggap-tanggap na alternatibong pagkakakilanlan online sa **oregonvotes.gov**.

### Ano ang huling araw para magparehistro?

Upang makaboto sa **Nobyembre 8, 2022**, Pangkalahatang Halalan, ang iyong nakumpletong registration card ay dapat na:

- ➔ na-postmark pagsapit ng Martes, **Oktubre 18;** o
- ➔ inihatid sa isang opisina ng halalan ng county o ahensya sa pagpaparehistro ng botante (hal., DMV) pagsapit ng Martes, **Oktubre 18.**

Kung magparehistro ka upang makaboto online, ang iyong pagpaparehistro ay dapat na naisumite pagsapit ng 11:59 pm ng **Oktubre 18.**

### Kailangan ko bang pumili ng partidong pampulitika na iboboto?

Hindi, hindi mo kailangan. Kasama lamang sa balota na matatanggap mo para sa isang pangunahing halalan ang mga opisina at panukalang-batas sa balota na walang kinikilingang partido (nonpartisan) kung hindi ka pumili ng partido sa panahon ng pagpaparehistro o nanatiling walang kaakibat. Lilitaw ang lahat ng posisyon sa iyong balota para sa pangkalahatang halalan.

### Programa sa Pagiging Kumpidensyal ng Address (Address Confidentiality Program)

Ang Address Confidentiality Program (ACP) ay nagbibigay sa mga kalahok ng legal na kapalit na address at serbisyo sa pagfo-forward ng mail. Ang mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan, sexual assault, stalking o human trafficking ay binibigyan ng kapalit na address na gagamitin sa mga pampublikong record sa halip na ang kanilang tunay na address.

Ang mga indibidwal na ang personal na kaligtasan o kaligtasan ng pamilya ay maaaring nasa panganib kung ang kanilang address ng tirahan ay makikita sa isang pampublikong record ay maaaring magparehistro upang bumoto nang may mga proteksyon sa pagiging kumpidensyal sa pamamagitan ng pag-aapply para sa Address Confidentiality Program (ACP).

Para mag-apply sa Address Confidentiality Program, dapat kang makipagtulungan sa isang tagapagtaguyod ng mga biktima na itinalaga bilang Application Assistant ng Attorney General. Para sa higit pang impormasyon o para makahanap ng Application Assistant na malapit sa iyo, tumawag sa **888-559-9090** o bumisita sa **doj.state.or.us/crime-victims/victims-resources/victims-services/address-confidentiality-program-acp/.**

Ang mismong paglahok sa ACP ay hindi ginagarantiyahan ang kaligtasan ng sinuman. Ang kawani ng ACP ay hindi nagbibigay ng pagtatasa ng panganib o pagpaplano para sa kaligtasan at hindi pinapayagang mag-alok ng legal na payo.

**Kinatawan ng Estados Unidos para sa Ika-5 Distrito**

**Jamie McLeod-Skinner**
Demokratiko

**Trabaho:** Regional Emergency Coordinator, at may-ari ng maliit na negosyo

**Background ng Trabaho:** Inhinyero, Abugado, Talent Interim City Manager, Environmental Planner

**Background na Pang-edukasyon** : Ashland High School, Rensselaer B.S. Civil Engineering, Cornell University Masters Regional Planning, University of Oregon Law School

**Unang Karanasan sa Pamahalaan:** Oregon Watershed Enhancement Board, Education Service District Board, City Councilor

"Sa Kongreso, si Jamie ay magiging isang independiyenteng pinuno na mapagkakatiwalaang maninindigan para sa masisipag na mga pamilya, mga matatanda at mga komunidad ng Oregon -- hindi ang may mga espesyal na interes o ang mga ekstremista." - Senador Ron Wyden

**ISANG BOSES PARA SA ATING LAHAT**

Ang nanay ni Jamie ay nagtrabaho ng tatlong trabaho para mapakain ang kaniyang pamilya. Isang may-ari ng maliit na negosyo na nagsumikap makaraos sa kolehiyo at law school, naiintindihan ni Jamie kung gaano kahirap tugunan ang mga pangangailangan. Habang nasa Kongreso, Lalabanan niya ang *inflation* at manindigan siya sa kung sinuman – kahit sa sarili niyang partido – para ihatid para sa mga Oregonian ang:

- Bawasan ang mapangagas na halaga ng pangangalagang pangkalusugan at lahat ng mga inireresetang gamot.
- Dagdagan ang abot-kayang pabahay.
- Pigilan ang mga bilyonaryong korporasyon na sapilitang nagpapataas ng mga presyo na nagtutulak ng *inflation*.
- Protektahan ang ating tubig, likas na yaman, agrikultura, at ekonomiya sa kanayunan.

**PANANATILIHIN TAYONG LIGTAS**

Bilang Tagapamahala ng Lungsod, binalanse ni Jamie ang mga badyet at pinataas niya ang pondo, pagsasanay, at pananagutan ng mga kapulisan.

Pinamunuan ni Jamie ang mga pagsisikap para sa pagbangon mula sa sunog, ang pagtulong sa mga komunidad na maghanda at tumugon sa mga emerhensiya. Haharapin niya ang krisis sa klima na nagpapalakas ng mapangwasak na sunog at tagtuyot.

**PAGTATANGGOL SA ATING MGA PANGUNAHING KARAPATAN**

Inendorso ng Planned Parenthood Action Fund, haharapin ni Jamie ang mga ekstremista tulad ng kanyang kalaban — na ipagbabawal ang pagbigay daan sa pagpapalaglag, bago pa man malaman ng isang babae na siya ay buntis — at ilalayo niya ang gobyerno sa ating mga personal na desisyong medikal.

**LABANAN ANG KORUPSYON**

Si Jamie ang magtatrabaho para sa atin – hindi ang mga makapangyarihan na nasa loob ng DC o ang mga namumuno sa Partido. Iyon ang dahilan kung bakit, hindi tulad ng kanyang kalaban, tumanggi siyang kumuha ng pera mula sa may mga espesyal na interes na kumpanya at boboto siya para sa matibay na

patakaran sa etika na may paninindigan, kabilang dito ang pagbabawal sa mga miyembro ng Kongreso na mangalakal ng mga stocks.

**MALAWAK NA SUPPORTA**

**Nominado ng Democratiko, Independeniente** at Partido ng mga Manghagawang Pamilya.

Suportado ng mga Demokratiko, mga Republikano, mga unyon at ng maraming organisasyon sa loob ng ating mga komunidad.

Tingnan ang buong listahan:
JamieforOregon.com

(Ang mga inpormasyon dito ay inihandong ng *Jamie for Oregon*)

Ang pagsasaling ito ay ibinigay ng kandidato at naberipika bilang katumbas ng bersyon sa Ingles ng Kalihim ng Estado.

## Senador ng Estados Unidos, Kinatawan ng Estados Unidos, Gobernador, Komisyonado ng Kawanihan ng Paggawa at Industriya (Bureau of Labor and Industry), Hukom ng Hukuman sa Paghahabol (Court of Appeals), Senador ng Estado, Kinatawan ng Estado, Hukom ng Circuit Court

Upang suriin ang mga karagdagang pahayag ng mga kandidato para sa opisinang ito, pakitingnan ang Pamplet ng mga Botante ng Estado sa Wikang Ingles.

## Panukalang-Batas 111

**Aamyendahan ang Konstitusyon: Dapat tiyakin ng Estado na mayroong makukuhang abot-kayang pangangalagang pangkalusugan, na balanse sa kinakailangan para pondohan ang mga paaralan, at iba pang mahahalagang serbisyo**

**Resulta ng Botong “Oo”:** Sa botong “Oo,” kinakailangang tiyakin ng Estado na mayroong makukuhang abot-kayang pangangalagang pangkalusugan. Dapat balansehin ng estado ang pagpopondo sa pangangalagang pangkalusugan sa pagpopondo para sa mga paaralan, at iba pang mahahalagang serbisyo; dapat igalang ng mga hukuman ang pagiging balanse.

**Resulta ng Botong "Hindi":** Sa botong "Hindi," mapapanatili ang kasalukuyang batas. Batay sa konstitusyon, hindi kinakailangang tiyakin ng estado na mayroong makukuhang abot-kayang pangangalagang pangkalusugan; nagbibigay ang estado ng ilang makukuhang pangangalagang pangkalusugan.

**Buod:** Aamyendahan ang Konstitusyon. Nakasaad sa kasalukuyang batas ng estado ang mga pangkalahatang kinakailangan kaugnay ng mga patakaran sa segurong pangkalusugan at pangangalagang pangkalusugang inilalaan para sa mga residenteng mababa ang sahod at may kapansanan na nakakatugon sa mga kinakailangan para maging kwalipikado. Aamyendahan ang Konstitusyon ng Oregon upang itatag ang pangangalagang pangkalusugan bilang isang pangunahing karapatan; oobligahin ang estado na magbigay sa mga residente ng Oregon ng "makukuhang sulit, angkop na pangangalagang medikal at abot-kayang pangangalagang pangkalusugan." Batay sa pag-amyenda, kinakailangang balansehin ng estado ang obligasyong iyon sa pampublikong interes sa pagpopondo sa mga pampublikong paaralan at iba pang mahahalagang serbisyong pampubliko. Kung mademanda ang estado para ipatupad ang pag-amyenda, hindi maaaring gumawa ng hakbang ang hukuman na nakakasagabal sa rekisito ng estado na balansehin ang pagpopondo sa pangangalagang pangkalusugan sa pagpopondo para sa mga pampublikong paaralan at iba pang mahahalagang serbisyong pampubliko.

## Panukalang-Batas 111

# Pagpapaliwanag na Pahayag

Inaamyendahan ng Panukalang-Batas sa Balota 111 ang Konstitusyon ng Oregon sa pamamagitan ng pagtataguyod ng obligasyon ng estado na tiyakin na makakakuha ang lahat ng residente ng Oregon ng sulit, klinikal na naaangkop at abot-kayang pangangalagang pangkalusugan bilang pangunahing karapatan.

Dapat balansehin ng estado ang obligasyong ito sa iba pa nitong obligasyon na pondohan ang mga pampublikong paaralan at iba pang mahahalagang serbisyong pampubliko.

Bagaman itinataguyod ng panukalang-batas ang isang bagong obligasyon sa konstitusyon ng estado, hindi nito tinutukoy kung ano ang dapat gawin ng estado para tumalima, kung paano susukatin ang pagtalima, o tinutukoy ang partikular na mga hakbang na dapat isagawa ng estado kung maipasa man ang panukalang-batas na ito.

Kung inihabla ang estado para ipatupad ang panukalang-batas, hindi maaaring makialam ang hukuman sa paraan kung paano binabalanse ng estado ang obligasyon nito na pondohan ang pangangalagang pangkalusugan sa interes ng publiko sa pagpopondo ng mga pampublikong paaralan at iba pang mahahalagang serbisyong pampubliko.

Rep. Barbara Smith Warner
Rep. Kim Wallan
Sen. Tim Knopp*
Sen. Rob Wagner
Richard Devlin

*Hindi sumasang-ayon ang miyembro

## Panukalang-Batas 111

# Pagtatantya ng Epekto sa Pananalapi

Hindi tiyak ang epektong pinansyal sa paggasta at kita ng estado at lokal. Hindi inaatas ng panukalang-batas ang karagdagang kita o paggasta ng pamahalaan ng estado. Ang epekto ng panukalang-batas ay nakasalalay sa lehislatibong pagkilos sa hinaharap upang magtaguyod ng karagdagang benepisyong pangkalusugan at matukoy kung paano mababayaran ang mga ito.

Shemia Fagan, Kalihim ng Estado
Tobias Read, Ingat-Yaman ng Estado
Katy Coba, Direktor, Kagawaran ng mga Serbisyong Pang-administratibo
Betsy Imholt, Direktor, Kagawaran ng Kita
Tim Collier, Kinatawan ng Lungsod, County, o Distrito

# Panukalang Batas sa Balota 111 Mga Argumentong Pabor Dito

*Upang suriin ang mga karagdagang argumento tungkol sa panukalang-batas na ito, pakitingnan ang [Pamplet ng mga Botante ng Estado sa Wikang Ingles](#).*

# Panukalang Batas sa Balota 111 Mga Argumentong Sumasalungat Dito

Upang suriin ang mga karagdagang argumento tungkol sa panukalang-batas na ito, pakitingnan ang Pamplet ng mga Botante ng Estado sa Wikang Ingles.

## Panukalang-Batas 112

**Aamyendahan ang Konstitusyon:** Alisin ang salitang nagpapahintulot sa pang-aalipin at sapilitang pagkaalipin bilang kaparusahan sa krimen

**Resulta ng Botong “Oo”:** Sa botong "Oo," aamyendahan ang konstitusyon para alisin ang salitang nagpapahintulot sa pang-aalipin at sapilitang pagkaalipin bilang kaparusahan sa krimen; nagbibigay-daan para iutos ang mga programa bilang bahagi ng paghatol.

**Resulta ng Botong "Hindi":** Sa botong "Hindi," mapapanatili ang kasalukuyang salita na nagbabawal sa pangkalahatan sa pang-aalipin at sapilitang pagkaalipin ngunit papayagan ang pang-aalipin at sapilitang pagkaalipin bilang parusa sa krimen.

**Buod:** Aamyendahan ang Konstitusyon. Sa Artikulo I, seksyon 34 ng Konstitusyon ng Oregon, kasalukuyang ipinagbabawal ang pang-aalipin at sapilitang pagkaalipin maliban sa isang eksepsyon sa ipinagbabawal na iyon na bilang isang kaparusahan sa krimen. Ang Panukala ay nag-aalis sa salitang nagpapahintulot sa pang-aalipin at sapilitang pagkaalipin bilang parusa sa krimen. Sa ilalim ng panukala, pinahihintulutan ang isang hukuman o probation o parole agency na utusan ang isang taong nahatulan ng isang krimen na makibahagi sa edukasyon, pagpapayo, paggamot, serbisyo sa komunidad, o iba pang alternatibo sa pagkabilanggo, bilang bahagi ng paghatol kaugnay ng krimen. Ang mga iniutos na programa ay dapat angkop sa mga naitatag na programang naaayon sa kasaysayan, o sa hinaharap, para matiyak na may pananagutan, pagbabago, proteksyon ng lipunan, o rehabilitasyon. Hindi matiyak ang epekto sa kasalukuyang mga probisyon ng konstitusyon na kinakailangan ang mga programang trabaho para sa mga bilanggo.

## Panukalang-Batas 112

# Pagpapaliwanag na Pahayag

Inaamyendahan ng Panukalang-Batas sa Balota 112 ang Konstitusyon ng Oregon upang tanggalin ang isang eksepsyon sa pagbabawal sa pang-aalipin at sapilitang pagkaalipin bilang parusa sa isang krimen.

Kasalukuyang ipinagbabawal ng Konstitusyon ng Oregon ang pang-aalipin at sapilitang pagkaalipin, ngunit pinahihintulutan ang pang-aalipin at sapilitang pagkaalipin bilang parusa sa isang krimen. Tinatanggal ng Panukalang-Batas sa Balota 112 ang lahat ng salitang lumilikha ng pagbubukod o eksepsyon at maliwanag na ipinagbabawal ang pang-aalipin at sapilitang pagkaalipin.

Ipapatupad ang Panukalang-Batas sa Balota 112 (Seksyon 34, subsection 2) kasabay ng Seksyon 41 ng Konstitusyon ng Oregon, na nagtataguyod ng mga kinakailangan sa trabaho para sa mga nasa hustong gulang na nasa kustodiya, at hindi nilalayong ipagpawalang-bisa ang seksyon na iyon.

Pinahihintulutan ng Panukalang-Batas sa Balota 112 ang isang hukuman, probation agency o parole agency na atasan ang isang taong nahatulan ng krimen na makibahagi sa edukasyon, pagpapayo, paggamot, serbisyo sa komunidad o iba pang mga alternatibo sa pagkakakulong, bilang bahagi ng paghatol sa krimen. Ang edukasyon, pagpapayo, paggamot, serbisyo sa komunidad o iba pang alternatibo sa pagkakakulong na inatas ay dapat alinsunod sa mga programa na, batay sa kasaysayan, o sa hinaharap, ay nagtataguyod ng pananagutan, pagbabago, pagpoprotekta ng lipunan o rehabilitasyon.

David Wall
Rep. Barbara Smith Warner
Sen. Brian Boquist
Sen. Rob Wagner
Margaret Carter**

**Lumiban ang miyembro

## Panukalang-Batas 112

# Pagtatantya ng Epekto sa Pananalapi

Hindi tiyak ang epektong pinansyal sa paggasta at kita ng estado at lokal. Inaalis ng panukalang-batas ang wika na nagpapahintulot sa pang-aalipin at hindi boluntaryong pagkaalipin bilang parusa sa krimen. Hindi inaatas ng panukalang-batas ang karagdagang kita o paggasta ng pamahalaan ng estado, gayunpaman, ang epekto ng panukalang-batas ay nakasalalay sa potensyal na legal na pagkilos o mga pagbabago sa mga programang trabaho para sa mga bilanggo.

Shemia Fagan, Kalihim ng Estado
Tobias Read, Ingat-Yaman ng Estado
Katy Coba, Direktor, Kagawaran ng mga Serbisyong Pang-administratibo
Betsy Imholt, Direktor, Kagawaran ng Kita
Tim Collier, Kinatawan ng Lungsod, County, o Distrito

# Panukalang Batas sa Balota 112 Mga Argumentong Pabor Dito

*Upang suriin ang mga karagdagang argumento tungkol sa panukalang-batas na ito, pakitingnan ang Pamplet ng mga Botante ng Estado sa Wikang Ingles.*

## Panukalang Batas sa Balota 112 Mga Argumentong Sumasalungat Dito

Upang suriin ang mga karagdagang argumento tungkol sa panukalang-batas na ito, pakitingnan ang Pamplet ng mga Botante ng Estado sa Wikang Ingles.

## Panukalang-Batas 113

**Aamyendahan ang Konstitusyon: Ang mga mambabatas na may sampung pagliban nang walang pahintulot sa mga sesyon sa kamara ay diskwalipikadong manungkulan sa susunod na termino.**

**Resulta ng Botong “Oo”:** Sa botong Oo," ang mga mambabatas na may sampung pagliban nang walang pahintulot sa mga sesyon sa kamara ay diskwalipikadong manungkulan bilang mambabatas sa susunod na termino pagkatapos ng kasalukuyang termino ng panunungkulan.

**Resulta ng Botong "Hindi":** Sa botong "Hindi," mapapanatili ang umiiral na batas. Ang mga mambabatas na lumiban ay maaaring parusahan ng kamara (maaaring mapaalis ng mayoryang boto); ang kasalukuyang mga mambabatas ay may legal na awtoridad na obligahin ang pagdalo.

**Buod:** Aamyendahan ang Konstitusyon ng Oregon upang idagdag ang mga salitang nagsasaad ng mga kahihinatnan ng pagliban ng mga mambabatas nang walang pahintulot sa mga sesyon ng kamara. Sa kasalukuyan, ang mga Senador at Kinatawan (Kongresista) ay maaaring "maparusahan" o, sa pamamagitan ng pagsang-ayon ng dalawang-katlo ng Senado o Kongreso, "mapatalsik" dahil sa "hindi maayos na pag-uugali," ngunit hindi nakasaad sa batas ang "hindi maayos na pag-uugali." Bukod dito, maaaring “obligahin” ang mga lumibang mambabatas na dumalo sa mga sesyon ng kamara, ngunit hindi nakasulat sa kasalukuyang batas ang mga kahihinatnan ng pagliban nang walang pahintulot. Ayon sa Panukala, kabilang sa "maling pag-uugali" ang hindi pagdalo ng mambabatas sa sampu o higit pang mga sesyon ng kamara sa panahon ng regular o espesyal na kapulungan nang walang pahintulot o dahilan. Sa ilalim ng panukala, ang mambabatas na mapatunayang may "hindi maayos na pag-uugali" gawa ng pagliban nang walang pahintulot ay diskwalipikadong manungkulan bilang Senador o Kinatawan (Kongresista) sa termino kasunod ng pagtatapos ng kasalukuyang termino ng mambabatas.

## Panukalang-Batas 113

# Pagpapaliwanag na Pahayag

Inaamyendahan ng Panukalang-Batas sa Balota 113 ang Konstitusyon ng Oregon upang lumikha ng pagbabawal ayon sa kontitusyon sa panunungkulan bilang mambabatas sa estado, nang isang termino, kung lumiban ang isang Senador o Kinatawan ng estado nang walang pahintulot o walang dahilan nang sampu o higit pang beses mula sa mga sesyon ng kamara sa panahon ng anumang isang lehislatibong sesyon. Itinuturing ng panukalang-batas na hindi maayos na pag-uugali ang pagkabigong dumalo at dinidiskwalipika ang mambabatas sa panunungkulan pagkatapos ng kasalukuyang termino ng mambabatas. Ang isang kandidato ay maaaring tumakbo para sa posisyon sa susunod na pangunahin at pangkalahatang halalan at manalo, ngunit hindi maaaring manungkulan sa ilalim ng panukalang-batas na ito dahil sa sampu o higit pang mga pagliban.

Kasalukuyang inaatas ng Konstitusyon ng Oregon na dapat naroroon ang dalawang-katlo (two thirds) ng lahat ng miyembro ng Senado o Kongreso para magsagawa ng lehislatibong gawain sa isang floor session ang Senado o Kongreso. Ang “floor session” ay ang salitang ginagamit kapag ang buong Senado o ang buong Kongreso ay nagtitipon para magsagawa ng lehislatibong gawain, kabilang ang pagdedebate at pagboto sa mga panukalang-batas. Hindi kasama sa “floor session” ang mga pagpupulong ng komite o mga pagdinig. Kung wala pang dalawang-katlo ng mga miyembro ng Senado o Kongreso ang naroroon, hindi maaaring magsagawa ang Senado o Kongreso ng mga lehislatibong gawain. Ang mga hinalal na miyembro mula sa parehong pangunahing politikal na partido ay minsang lumiliban nang walang pahintulot para sa iba’t ibang dahilan, kabilang ang pagkait sa rekisitong ito na dalawang-katlo na kilala bilang quorum.

Sa kasalukuyan, hindi nagtataguyod ang Konstitusyon ng mga awtomatikong kahihinatnan ng mambabatas dahil sa kawalan ng pahintulot at pagliban mula sa floor session ngunit inaawtorisahan ang mga miyembro ng Senado o Kongreso na naroroon para sa isang naka-iskedyul na floor session na obligahin ang pagdalo ng mga hindi dumating na miyembro. Inaawtorisahan din ng Konstitusyon ang Senado o Kongreso na disiplinahin ang miyembro ng kani-kanilang kamarang pambatas para sa hindi maayos na pag-uugali, kabilang ang awtoridad na patalsikin ang miyembro sa pamamagitan ng dalawang-katlo na boto na pabor sa pagpapatalsik. Sa kasalukuyan, hinahayaan ng Konstitusyon na tukuyin ng bawat kamara kung ang isang partikular na pag-uugali ng miyembro ng kamarang iyon ay maituturing na hindi maayos na pag-uugali. Binibigyang-kahulugan ng panukalang-batas na ito ang hindi maayos na pag-uugali upang kabilangan ng pagkabigong dumalo sa sampu o higit pang floor session nang walang pahintulot.

Tinutukoy ang mga tuntuning pambatas patungkol sa mga pagliban sa pamamagitan ng pagboto nang kahit na isang beses bawat taon ng parehong kamara, at ang mga tuntuning iyon ay maaaring pakahulugan ang “walang pahintulot” na pagliban at tukuyin ang proseso para sa pagtukoy ng may pahintulot/may dahilan o walang pahintulot/walang dahilan na pagliban. Sa kasalukuyan, walang pormal na depinisyon

o limitasyon sa mga tuntuning pambatas ng Oregon tungkol sa kung ano ang maituturing na “walang dahilang” pagliban. Ang proseso para maituring na katanggap-tanggap ang isang pagliban ay sa pamamagitan ng pag-file ng mga papeles na nagpapaliwanag ng pagliban sa mga kawani ng kamara, at may pagpapasyang isinagawa ang Pangulo ng Senado o House Speaker na hinalal sa pamamagitan ng pagboto ng kamara. Sa mga nakalipas na taon, maraming mga pagkakaiba-iba sa pagsasagawa ng pagpapasyang ito.

Sa ngayon, walang karapatang mag-apela laban sa mga pagpapasyang iyon at walang rekisito para pormal na magpaliwanag ang Pangulo ng Senado o House Speaker tungkol sa kanilang desisyon na ideklarang walang dahilan o walang pahintulot ang pagliban ng isang mambabatas.

Joe Baessler
Bruce Gilley
Tan Perkins
Sen. Dennis Linthicum
Lynn Nakamato

## Panukalang-Batas 113

# Pagtatantya ng Epekto sa Pananalapi

Walang magiging epektong pinansyal ang panukalang-batas na ito sa mga paggasta o kita ng estado o lokal na pamahalaan.

Shemia Fagan, Kalihim ng Estado
Tobias Read, Ingat-Yaman ng Estado
Katy Coba, Direktor, Kagawaran ng mga Serbisyong Pang-administratibo
Betsy Imholt, Direktor, Kagawaran ng Kita
Tim Collier, Kinatawan ng Lungsod, County, o Distrito

# Panukalang Batas sa Balota 113 Mga Argumentong Pabor Dito

*Upang suriin ang mga karagdagang argumento tungkol sa panukalang-batas na ito, pakitingnan ang Pamplet ng mga Botante ng Estado sa Wikang Ingles.*

## Panukalang Batas sa Balota 113 Mga Argumentong Sumasalungat Dito

Walang isinumite na mga isinalin na argumento na salungat sa panukalang-batas.

## Panukalang-Batas 114

**Inaatas ang permit upang makabili ng mga baril; magpapanatili ang pulisya ng database para sa mga permit/baril; ipinagbabawal ng batas ang ilang magasin ng bala**

**Resulta ng Botong “Oo”:** Sa botong “Oo,” kailangan ang background check, pagsasanay sa kaligtasan, bayad sa permit para makabili ng mga baril; ang pulisya ng estado ay magpapanatili ng database ng bagong permit/ baril; ipinagbabawal ng batas ang ilang magasin; may mga eksepsyon.

**Resulta ng Botong "Hindi":** Sa botong "Hindi," mananatili ang kasalukuyang batas: ang nagbebenta/naglipat ay dapat humiling ng background check kaugnay ng pagkakasangkot sa krimen; hindi kinakailangan ang permit, kursong pangkaligtasan; walang mga paghihigpit sa kapasidad ng magasin.

**Buod:** Kasalukuyang pinapayagan ng batas ng Oregon ang mga taong mahigit sa 18 taong gulang na makabili ng mga baril (sa pederal na batas, kailangang 21 taong gulang para sa ilang pagbili ng baril), ang nagbebenta/naglipat ay dapat humiling ng background check kaugnay ng pagkakasangkot sa krimen. Ayon sa panukala, kailangan ang permit mula sa lokal na tagapagpatupad ng batas para makabili ng baril; kailangan ng isang tao na magbayad, magsumite ng photo ID, mga fingerprint, makumpleto ang aprubadong pagsasanay sa kaligtasan, maipasa ang background check kaugnay ng pagkakasangkot sa krimen, hindi ipinagbabawal na magkaroon ng mga baril; maaaring hindi bigyan ng permit ng opisyal ang isang taong pinaniniwalaang mapanganib sa kanyang sarili o sa iba. Ang permit ay maiisyu sa loob ng 30 araw at may bisa nang 5 taon. Maaaring umapela para sa hindi naaprubahang permit. Dapat magpakita ng permit, makapasa sa background check para makakuha ng baril. Ang Pulisya ng Estado ay gumagawa/ nagpapanatili ng database ng permit/baril. Ipinagbabawal ang mga magasin na higit sa 10 round, o madaling mabago para lumagpas sa 10 round; hindi kasama ang mga kasalukuyang may-ari / tagapagmana. Mga eksepsyon o pagbubukod para sa tagapagpatupad ng batas, sandatahang lakas. Mga parusang kriminal. Iba pang mga probisyon.

### Panukalang-Batas 114

## Pagpapaliwanag na Pahayag

Binabago ng panukalang-batas na ito ang batas ng Oregon kaugnay ng mga baril/armas sa pamamagitan ng (1) pag-atas ng pagsasanay sa kaligtasan at nakumpletong background check para makakuha ng permit na makabili ng mga baril/armas; at (2) pagbabawal sa pangkalahatan ng paggamit, pagmanupaktura, pagbenta at pagbili ng malalaking kapasidad na mga magasin ng bala.

Sa kasalukuyan:

- Hindi kinakailangan ang permit para makakuha ng mga baril/armas.
- Kinakailangan ang mga background check, ngunit pagkalipas ng tatlong araw, maaari nang mabenta/mailipat ang mga baril bago pa makumpleto ang background check.
- Hindi maaaring magkaroon ng mga baril ang mga ipinagbabawal na tao, kabilang ang mga kriminal, ilang partikular na nagtatanggol sa kriminal, mga indibidwal na partikular na hinatulang may pangkaisipang sakit, at mga indibidwal na napapailalim sa pang-aabuso sa bahay o may ipinag-utos na proteksyon sa matinding panganib.
- Kinakailangan ang lisensya para makapagdala ng nakatagong baril (handgun).
- Sinusubaybayan ng Pulisya ng Estado ang mga background check; walang rekisito para sa searchable database ng mga pagbili/pagmamay-ari ng baril; maaaring panatilihin ang mga record nang limang taon. Hindi kinakailangan ang pagsasanay sa kaligtasan, maliban para sa lisensya sa nakatagong baril at lisensya sa pangangaso para sa mga kabataan.
- Dapat hindi ibigay ng sheriff ang lisensya sa nakatagong baril batay sa nabigong background check o kung mapagpasyahan niya na nagbabadya ng panganib ang aplikante sa sarili o sa ibang tao.
- Walang mga paghihigpit sa mga magasin ng armas.
- Ang mga paglabag ng mga nagtitinda/naglilipat ay mga Class A misdemeanor (maliit na krimen); ang mga naulit na paglabag ay maaaring ituring na mabigat na krimen.

Sa ilalim ng Panukalang-Batas:

- Dapat may permit ang mga indibidwal para makakuha ng armas mula sa dealer ng baril, pribadong indibidwal o sa gun show.
- Para makakuha ng permit (may bisa nang limang taon), ang aplikante ay dapat:
  - Makakumpleto ng inaprubahang kurso sa kaligtasan kabilang ang pag-aaral ng mga kaugnay na batas, ligtas na pagtabi ng armas, pag-iwas sa pang-aabuso/maling paggamit sa armas, hands-on na pagpapakita ng aplikante ng paghawak at pagputok ng armas/baril; tagaturo na nasertipika ng isang ahensya sa pagpapatupad ng batas.
  - Magbayad ng unang bayarin (pinakamataas na ang $65) na sumasaklaw sa mga fingerprint, background check; $50 para sa pag-renew.
  - Isumite ang aplikasyon sa Pulisya ng Estado, na naghahanda ng mga

tuntunin para sa kinakailangang impormasyon sa application.

    - Pumasa sa background check, maaprubahang magtaglay ng armas.

- Maaaring hindi ibigay ang permit kung nagbabadya ng panganib ang aplikante sa sarili o sa ibang tao.
- Itinataguyod ang proseso ng pag-apela para sa mga tinanggihan, binawi, o hindi na-renew na mga permit.

- Inaatas sa Pulisya ng Estado na magpanatili ng electronically searchable na database ng mga permit.
- Iuulat ng Pulisya ng Estado ang pang-istatistikang data kaugnay ng mga permit; maaaring iulat ang iba pang impormasyon para tiyakin na napangasiwaan ang proseso ng permit sa isang "hindi pabagu-bago at pantay na pamamaraan."
- Ang pagbenta/paglipat ng armas sa isang taong walang permit ay isang Class A misdemeanor (maliit na krimen); ang mga pag-ulit ng paglabag ay maaaring maging malaking krimen.
- Ang pagkakaroon ng armas/baril nang walang permit ay hindi krimen sa sarili nito mismo. Kinokontrol ang "mga magasin na may malaking kapasidad":
    - Kabilang sa "mga magasin na may malaking kapasidad" ang fixed/detachable na magasin (o katumbas na function) na makakatanggap ng "higit sa 10 round ng bala at nagpapahintulot sa shooter na patuloy na magpaputok nang hindi humihinto pansamantala para magkarga muli."
    - Mga pagbubukod sa mga "lever action" na armas at mga permanenteng binagong fixed na magasin, 10 round o mas kaunti.
    - 180 araw pagkalipas ng pagpasa ng panukalang-batas, ang pagmanupaktura, pagbenta, paggamit o pagtaglay ng mga magasin na may malaking kapasidad ay isang Class A misdemeanor (maliit na krimen):
        - pagbubukod para sa mga tagapagpatupad ng batas at armadong serbisyo na kinakailangan ito sa pagpapatupad ng kanilang mga tungkulin; at
        - iyong mga nagmamay-ari o sa kinalaunan ay nagmana ng mga magasin na may malaking kapasidad kapag ginagamit sa lupain ng may-ari, sa mga shooting range/kumpetisyon, habang nangangaso alinsunod sa mga naaangkop na regulasyon, at habang ibinabiyahe sa isang pinahihintulutang lokasyon (kung itinabi ito nang maayos at hiwalay sa armas) ay may apirmatibong depensa.
    - Anumang oras, maaaring maiwasan ng mga indibidwal ang pananagutang kriminal sa pamamagitan ng pagsuko ng mga magasin na may malaking kapasidad sa pamamagitan ng isang buyback o turn-in program na inaprubahan ng tagapagpatupad ng batas, hangga't walang mga nakabinbing kaso.

HK Kahng
Elizabeth McKanna
Margaret Olney
Leonard Williamson*
Lynn Nakamoto

*Hindi sumasang-ayon ang miyembro

### Panukalang-Batas 114

## Pagtatantya ng Epekto sa Pananalapi

Ang layunin ng panukalang-batas ay para masaklaw ng mga kita mula sa mga permit ang mga gastusing pang-administratibo. Ang mga pagtatantya ng gastos kaugnay ng panukalang-batas ay natanggap mula sa pamahalaan ng estado at lokal. Gayunpaman, may kawalang-katiyakan sa mga pagpapalagay tungkol sa mga isinagawang pagtatantya, kabilang ang mga projection ng bilang ng mga application para sa permit, ang kitang nauugnay sa mga permit na iyon at ang iba pang nauugnay na gastusin. Mayroon ding kawalang-katiyakan sa potential na matitipid na gastos ng pamahalaan ng estado at lokal dahil sa inaasahang pagbaba ng mga kapinsalaan at kamatayan kaugnay ng mga armas/baril. Sa gayon, ang epekto sa pananalapi ng Panukalang-Batas 114 para sa pamahalaan ng estado at lokal ay hindi tiyak.

Shemia Fagan, Kalihim ng Estado
Tobias Read, Ingat-Yaman ng Estado
Katy Coba, Direktor, Kagawaran ng mga Serbisyong Pang-administratibo
Betsy Imholt, Direktor, Kagawaran ng Kita
Tim Collier, Kinatawan ng Lungsod, County, o Distrito

# Ika-8 ng Nobyembre, 2022 Pangkalahatang Halalan

# Panukalang-Batas 114

## PAGTATANTYA SA EPEKTO SA LAHI/ETNISIDAD

Nakatanggap ang Oregon Criminal Justice Commission (CJC) ng nakasulat na kahilingan galing sa isang miyembro ng Legislative Assembly mula sa bawat pangunahing partidong pampulitika na humihiling ng pahayag tungkol sa epekto sa lahi at etnisidad alinsunod sa ORS 137.685 para sa Initiative Petition 17 (IP 17), na pinamagatang Batas sa Pagbawas ng Karahasan sanhi ng Baril. Gaya ng iniaatas ng ORS 137.685, dapat banggitin sa pahayag na ito ang mga maidudulot ng iminungkahing panukala sa mga maaaring epekto sa mga populasyon ng kriminal na nagkasala na maiuugnay sa mga pagbabago sa mga partikular na krimen na nakalagay sa IP 17. Mayroong ilang bahagi ng IP 17 na hindi inaasahang makaaapekto sa partikular na populasyon ng mga kriminal na nagkasala, at hindi kasama sa pahayag na ito ang pagtataya sa epekto sa lahi at etniko ng mga bahaging iyon.

## SEKSYON 6

Binabago ng Seksyon 6 ang ORS 166.412 sa pamamagitan ng paghiling ng permit-para-bumili sa lahat ng lisensyadong pagbebenta ng baril ng dealer at paglikha ng bagong Class A misdemeanor crime (maliit na krimen) dahil sa "sadyang pagbebenta o paghahatid ng baril sa isang bumibili o transferee na walang balidong permit-para-bumili ng baril … o bago makatanggap ng natatanging numero ng pag-apruba mula sa departamento batay sa background check ukol sa pagkakasangkot sa krimen …" (Seksyon 6(14)).

Ang National Instant Criminal Background Check System (NICS) ay nagbibigay ng datos tungkol sa bilang ng mga ginawang background check ng estado na nauugnay sa baril. Noong 2021, mayroong 454,133 kahilingan para sa background check na nauugnay sa baril sa Oregon para sa 338,330 paglilipat ng baril (ang paglilipat ng baril ay maaaring magkaroon ng maraming kahilingan para sa background check na may iba't ibang kadahilanan, gaya ng 30-araw na kahilingan sa muling pag-usisa ng ATF at mga pagwawasto sa pangalan at iba pang impormasyon sa pagkakakilanlan). Gayunpaman, walang datos na ayon sa lahi o etnisidad na maibibigay sa CJC para sa mga pagsusuri, at hindi matutukoy ng CJC ang tinatayang epekto ng seksyong ito.

## SEKSYON 7

Binabago ng Seksyon 7 ang ORS 166.435 sa pamamagitan ng paghiling ng permit-para-bumili para sa lahat ng pribadong paglilipat ng baril. Ang mga paglabag sa ORS 166.435 ay isang Class A misdemeanor (maliit na krimen) maliban lang kung ang indibidwal na hindi sumunod ay dati nang nahatulan kaugnay ng isang paglabag sa 166.435 sa panahon ng pagkakasala. Para sa mga indibidwal na dati nang nahatulan kaugnay ng paglabag sa 166.435, ang paglabag ay isang Class B felony (malaking krimen).

| Talahanayan 1. ORS 166.435 Mga Paghatol ng Class A Misdemeanor, 2017-2021 | |
|---|---|
| Asyano | 0 |
| Itim | 1 |
| Latino | 0 |
| Katutubong Amerikano | 0 |
| Puti | 22 |
| Kabuuan | 23 |

Inusisa ng CJC ang datos tungkol sa mga pag-aresto at paghatol kaugnay ng mga paglabag sa 166.435. Walang nakitang rekord ng anumang pag-aresto. Gayunpaman, ang mga rekord ng mga kriminal na paghatol ay natagpuan at nakaulat sa Talahanayan 1. Mula noong 2017, nang mangyari ang unang paghatol sa 166.435, may kabuuang 23 indibidwal ang nahatulan ng bersyon ng Class A misdemeanor (maliit na krimen) sa paglabag na ito. Walang nakitang paghatol para sa Class B felony (malaking krimen) na paglabag sa ORS 166.435.
Hindi makapagbigay ang CJC ng mga pagtataya sa bilang ng mga darating pang paglabag sa seksyong ito na may kaugnayan sa mga pagbabagong iminungkahi sa IP 17 at hindi rin makapagbibigay ng mga pagtataya hinggil sa lahi ng mga indibidwal na inaresto o nahatulan kaugnay ng mga paglabag sa 166.435 sakaling maipasa ang IP 17.

## SEKSYON 8 & 9

Binabago ng Seksyon 8 ang ORS 166.436 sa pamamagitan ng paghiling ng permit-para-bumili para sa mga paglilipat ng baril sa mga gun show. Binabago ng Seksyon 9 ang ORS 166.438, na nagsasaad na kung ang indibidwal na nagsasagawa ng paglilipat ay dating nahatulan nang dalawa o higit pang beses kaugnay ng krimeng ito sa panahon ng pagkakasala, ang indibidwal na iyon ay nakagawa ng Class C felony (malaking krimen); kung ang indibidwal ay wala pang dalawa o higit pang naunang pagkakahatol dahil sa hindi pagsunod sa mga kinakailangang ito, ang indibidwal ay nakagawa ng Class A misdemeanor (maliit na krimen).

Inusisa ng CJC ang mga datos ng parehong pag-aresto at paghatol kaugnay ng mga paglabag sa ORS 166.438 at walang nakitang mga rekord kaugnay ng mga pag-aresto o paghatol para sa krimeng ito.

## SEKSYON 11

Lumilikha ang Seksyon 11 ng bagong Class A misdemeanor (maliit na krimen) kaugnay ng "iligal na paggawa, pag-angkat, pagmamay-ari, paggamit, pagbili, pagbenta o kung hindi man ay paglilipat ng isang magasin na may malaking kapasidad …" (Seksyon 11(6)). Dahil isa itong bagong krimen, hindi makapagbibigay ang CJC ng tinatayang epekto ng seksyong ito.

## PAGHATOL

Ayon sa ORS 161.615, ang pinakamahabang hatol ng pagkakakulong para sa isang Class A misdemeanor (maliit na krimen) ay 364 na araw na gagawin sa isang lokal na bilangguan. Ayon sa ORS 161.605, ang pinakamahabang hatol ng pagkakakulong para sa isang Class C felony (malaking krimen) ay 5 taon at 10 taon naman para sa isang Class B felony (malaking krimen).

## PAMAMARAAN

Nakuha ang mga datos kaugnay ng pag-aresto mula sa Law Enforcement Data System (LEDS), na kinabibilangan ng mga datos ng lahat ng mga na-fingerprint na pag-aresto. Ang anumang naiulat na datos ng pag-aresto ay kinabibilangan ng mga kaganapan sa pag-aresto na hindi bababa sa isang paghatol kaugnay ng mga nakalistang batas. Maaaring maiugnay din ang iba pang mga krimen sa isang kaganapan sa pag-aresto, ngunit ang impormasyong iyon ay hindi iniulat sa pahayag na ito.

Nakuha ang mga datos ng paghatol mula sa Odyssey o Oregon eCourt data system ng Oregon Judicial Department, na kinabibilangan ng mga paghatol kaugnay ng malaki at maliit na krimen mula sa mga circuit court ng Oregon. Ang mga paghatol na naganap sa mga municipal court o justice court ay hindi kasama, dahil ang mga hukumang ito ay hindi nagbibigay ng mga datos sa Oregon Judicial Department o sa CJC. Ang anumang iniulat na datos ng paghatol ay kinabibilangan ng mga kaso na hindi bababa sa isang paghatol kaugnay ng mga nakalistang batas. Maaaring maisama rin ang iba pang kaso at paghatol sa iisang kaso, ngunit ang impormasyong iyon ay hindi iniulat sa pahayag na ito.

# Panukalang Batas sa Balota 114 Mga Argumentong Pabor Dito

*Upang suriin ang mga karagdagang argumento tungkol sa panukalang-batas na ito, pakitingnan ang [Pamplet ng mga Botante ng Estado sa Wikang Ingles].*

## Panukalang Batas sa Balota 114 Mga Argumentong Sumasalungat Dito

Upang suriin ang mga karagdagang argumento tungkol sa panukalang-batas na ito, pakitingnan ang Pamplet ng mga Botante ng Estado sa Wikang Ingles.